# Dalawang Antolohiya, Isang Kasaysayang Pampanitikan: Ilang Tala sa Likod ng Tatlong Aklat Tungkol sa mga Filipinong Manunulat sa Australia

Two Anthologies, One Literary History:
A Postscript on Three Books About Filipino Writers in Australia

Jose Wendell P. Capili
Unibersidad ng Pilipinas
jpcapili@up.edu.ph

## Abstrak

Dalawang antolohiya at isang kasaysayang pampanitikan ang naging bunga ng aking pananaliksik tungkol sa mga naratibo ng migrasyon ng mga Filipinong manunulat sa Australia. Ito ang: *From the Editors: Migrant Communities and Emerging Australian Literature* (2007), *Salu-Salo: In Conversation with Filipinos* (2008), at *Migrations and Mediations: The Emergence of Southeast Asian Writers in Australia, 1972-2007* (2016). Ilan sa mga diasporikong manunulat mula sa Pilipinas ay lumitaw sa Australia mula 1972 hanggang 2007 sa tulong ng mga guro, programa sa malikhaing pagsulat, maliliit na limbagan, mga limbagang pampamantasan, mga parangal na pampanitikan, mga gawad at fellowship, at mga inisyatibang nakabatay sa mga komunidad. Bilang isang mananaliksik, napagtanto kong ang pagkakalimbag ng tatlong aklat na nabanggit ay maliit lamang na bahagi ng patuloy na lumalaking korpus ng mga akdang isinusulat na may paksa at temang Asyano, at hindi Anglo-Celtic o di-Europeo na mga pangunahing komunidad sa Australia. Kung paanong mas marami pang mga migranteng manunulat ang nagbibigay ng paghatol sa paksa ng pagtanggap o pagtanggi sa kanilang pagiging Australiano, inaasahan ko na mas marami pang mga iskolar ang higit na tutuklas sa pag-unlad ng mga malikhaing produksiyon na tatalakay sa mga tema at karanasang nakapaligid sa mga Pilipino at iba pang mga taga-Timog-Silangang Asya sa Australia.

*My research on the narratives of migration of Filipino writers in Australia produced two anthologies and a book of literary history. These are:* From the Editors: Migrant Communities and Emerging Australian Literature *(2007),* Salu-Salo: In Conversation with Filipinos *(2008), and* Migrations and Mediations: The Emergence of Southeast Asian Writers in Australia, 1972-2007 *(2016). Several diasporic writers from the Philippines emerged in Australia from 1972 onwards because they received encouragement from literary mentors, creative writing programs, small printing presses, university presses, literary awards, grants and fellowships, and community-based initiatives. Hopefully, my three books provided a modest contribution to the growing body of works on Asians and non-Anglo-Celtic and non-European communities in Australia. Just as more diasporic writers render judgment about the acceptance or rejection*

 © Ateneo de Manila University
https://ajol.ateneo.edu/katipunan

*of their "Australianness," it is hoped that more scholars will further explore the development of creative productions that often deal with themes and realities surrounding Southeast Asians in Australia. At the same time, this researcher nurtures the possibility of scholars formulating a more definitive theory about writers from minority ethnic communities in Anglo-Celtic and European-centered cultures in the future.*

## Mga Susing-salita

diaspora, Australia, Australiano, Timog-Silangang Asya, Pilipino sa Australia, Anglo-Celtic, Europeo

*diaspora, Australia, Australian, Southeast Asia, Filipinos in Australia, Anglo-Celtic, European*

## Tungkol sa May-akda

Si Jose Wendell P. Capili ay nagtapos sa Unibersidad ng Santo Tomas, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, The University of Tokyo, University of Cambridge, at Australian National University. Nakapaglathala na siya ng pitong aklat at mahigit 300 artikulo sa Asya, Europa, Hilagang America, at Australia. Nagkamit na siya ng mga gantimpala mula sa Carlos Palanca Foundation, Sentrong Pangkultura ng Pilipinas, at National Book Awards. Isa siya sa pitong Achievement Awardees para sa 2020 ng Department of Science and Technology-National Research Council of the Philippines (DOST-NRCP). Nakaupo din siya sa International Advisory Board ng *Hawai'i Journal of the Humanities*; at *3L: Language, Linguistics, Literature: The Southeast Asian Journal of English Language Studies* na nakabase sa Universiti Kebangsaan Malaysia. Kasalukuyan din siyang Propesor 12 sa Departamento ng Ingles at Komparatibong Panitikan sa Kolehiyo ng Arte at Literatura ng UP Diliman, at Katuwang na Bise Presidente para sa Ugnayang Pampubliko (Panloob na Komunikasyon at Mga Programang Pangkultura) ng kabuoang UP System.

 © Ateneo de Manila University

Dalawang antolohiya at isang kasaysayang pampanitikan ang naging bunga ng aking pananaliksik tungkol sa mga naratibo ng migrasyon ng mga Filipinong manunulat sa Australia. Ito ang: *From the Editors: Migrant Communities and Emerging Australian Literature* na inilabas noong 2007*, Salu-Salo: In Conversation with Filipinos* noong 2008*,* at *Migrations and Mediations: The Emergence of Southeast Asian Writers in Australia, 1972-2007* noon namang 2016. Ilan sa mga diasporikong manunulat mula sa Pilipinas ay lumitaw sa Australia mula 1972 hanggang 2007 sa tulong ng mga guro, programa sa malikhaing pagsulat, maliliit na limbagan, mga limbagang pampamantasan, mga parangal na pampanitikan, mga gawad at fellowship, at mga inisyatibang nakabatay sa mga komunidad.

Bago mag-1972, may mga pagkakahanay at ugnayan na sa pagitan ng Pilipinas at Australia sa pamamagitan ng mga indibidwal katulad nina Tom Inglis Moore, at F. Sionil Jose, at ng mga institusyon gaya ng *Westerly* (na pampanitikang dyornal ng University of Western Australia), *Silliman University National Writers' Workshop* sa Dumaguete City, *Lu Rees Fellowship* at *Canberra Fellowship of Writers*, at ng *Hemisphere*, isa sa mga naging pangunahing magasin tungkol sa parehong Asya at Australia. Ang mga nabanggit na indibidwal at institusyon ang nagtaguyod ng malalim na pakiramdam ng interes, pagpapalakas ng mga ugnayan, at pangako ng paglikha sa pagitan ng mga Pilipino at mga Australiano, sa kabila ng patakarang "White Australia" at mga implikasyon nito sa maraming bahagi ng mundo.

Noong 1972, umakyat sa kapangyarihan si Gough Whitlam bilang Punong Ministro ng Australia. Ang anti-rasismo, karapatang pantao at multikulturalismo ay kabilang sa kaniyang mga pangunahing panlipunan at pampolitikang plataporma. Sa ilalim ni Whitlam, ipinahayag din ng Australia ang pagpayag nito na pasiglahin ang ugnayan sa Pilipinas at sa iba pang bahagi ng Timog-Silangang Asya. Kasunod nito, ang patakaran ng pagiging bukas ni Whitlam ang nanghikayat sa pagpasok ng maraming migrante mula sa Pilipinas tungong Australia. Sa panahon ding iyon, maraming bansa sa Timog-Silangang Asya gaya na lang ng Pilipinas ang nakararanas ng kawalang-katatagan sa politika, malawakang kahirapan at/o hindi pagkakapantay-pantay. Ang pagiging magkalapit ng Pilipinas at ng Australia ang siyang nag-udyok, bilang huli, sa sunod-sunod na mga alon ng naturang mga migrasyon.

Hindi nakapagtatakang lumitaw din kung gayon ang mga manunulat na Pilipino sa diaspora sa buong Australia. Ito ang mga manunulat na karaniwan ay nasa larang ng malikhaing pagsulat, karaniwang isinalin sa Ingles, at pangunahin ding inilathala para sa mga madlang Australiano, bagamat sila ay naghahanap din ng mga mambabasang Filipino mula sa Pilipinas. Kalaunan, napahanga ng ilang mga manunulat na ito sa Australia ang kanilang mga target na mambabasa. Ngunit hindi lamang nakamit ng mga manunulat ang kanilang mga malikhaing tagumpay sa pamamagitan ng sariling pagsisikap; napakalaki nang naitulong ng kanilang mga naging guro at tagapayo upang umusbong ang kanilang pagpapanday ng mga obra sa Australia. Kasabay nito, ipinagdiriwang din ng mga manunulat sa kanilang mga akda ang maraming katutubo, mainstream at eksperimental na daloy ng pagpapahayag mula sa kanilang mga pinagmulan.

Ang suporta ng mga maliliit na palimbagan tulad ng Fremantle Arts Center Press, Ginninderra Press, Indra Publishing, at Five Islands Press, at mga palimbagan na nakabase sa mga pamantasan tulad ng The University of Queensland Press at Pandanus Books sa

 © Ateneo de Manila University

Australian National University ang nagsisiwalat kung paano nakatutulong ang industriya ng paglalathala upang mapanatili ang masining na pagpapahayag ng mga Pilipino at iba pang minoryang etnikong manunulat sa Australia. Karaniwan, ang mga maliliit na limbagan at mga limbagang pampamantasan lamang ang maaaring mag-imprenta ng isang maliit na print run (halimbawa, isang libong kopya) na maituturing na hindi mainam sa ganang ekonomiko para sa isang malaking impresor.




**Larawan 1-3.** Mula kaliwa tungong kanan. Mga pabalat na gawa ni Leo Antonio C. Abaya ng *Migrations and Mediations: The Emergence of Southeast Asian Diaspora Writers in Australia (1972-2007)*, at ng *Salu-Salo: In Conversation with Filipinos*. Likha naman ni Cuong Phu Le ang pabalat ng *From the Editors: Migrant Communities and Emerging Australian Literature*. Mga larawan mula sa may-akda.

Sa kabilang banda, ang pagkapanalo ng mga parangal sa panitikan, gawad, at fellowship, ay nagbigay-daan upang mas kilalanin pa ang mga manunulat na Pilipino sa Australia ng mga mambabasa mula sa mga pamayanang Anglo-Celtic at Europeo. Makikita ito sa pagkapanalo ni Merlinda Bobis ng Australian Literature Society Gold Medal para sa *Banana Heart Summer* noong 2006, at ng Christina Stead Prize for Fiction sa New South Wales (NSW) Premier's Literary Award para sa *Locust Girl. A Love Song* noong 2016. Naging huwaran si Bobis hindi lamang bilang isang manunulat kundi na rin bilang isang Pilipina na piniling manirahan sa Australia.

Paminsan-minsan, ang pagkapanalo ng mga premyong ito ang nagbibigay din ng karagdagang kabuhayan para sa mga manunulat at sa kani-kanilang mga pamilya. Sa kabila kasi ng papel na ginagampanan ng iba't ibang literary coteries sa paggawad ng mga nagwawagi sa mga patimpalak na ito, nakatutulong ang malawak na publisidad na idinudulot ng bawat pagkapanalo upang mas paigtingin pa ang pagsusuri sa mga obra ng mga manunulat na nagsusulat sa labas ng bayang kanilang sinilangan. Samantala, ang mga salaysay ng mga Pilipinang manunulat tulad nina Deborah Ruiz Wall at Maria "Noonee" Doronila bilang mga manunulat na nakabase sa komunidad, at ni Cuong Phu Le, isang Australiano mula sa Vietnam na nagsilbi bilang Asian-Australian Cultural Officer sa New South Wales, at kultural na broker ng mga manunulat mula sa Timog-Silangang Asya, ang nagpapakita kung papaanong nagkakaroon ng epekto ang mga inisyatiba na nakabatay sa mga pamayanan mismo.

 © Ateneo de Manila University



**Larawan 4.** Reception para sa mga Filipinong manunulat sa 2008 Sydney Writers Festival sa Consulate-General ng Pilipinas sa Sydney noong 23 Mayo 2008. Mula kaliwa: Xerxes Matza, Jose Wendell Capili, Deborah Ruiz Wall, Merlinda Bobis, Butch Dalisay, Erwin Cabucos, Crystal Koo at Consul-General Maria Theresa Lazaro. Larawan mula sa may-akda.



**Larawan 5.** Amando Doronila, Crystal Koo at Jose Wendell Capili sa 2008 Sydney Writers Festival. Larawan mula sa may-akda.

Sa tulong ni Cuong at John Cheeseman—na naging Direktor ng Blacktown Arts Centre sa kanlurang Sydney—nagkaroon noon ng karagdagang mga pananaw tungkol sa mga migrante sa Australia na hindi taal na Anglo-Celtic o kaya ay Europeo. Kasabay nito, ang paglabas ng *From the Editors* at iba pang mga publikasyong nagmula sa mga inisyatibang mula sa mga komunidad ay nagpamalas din ng iba pang mga tungkulin ng sining. Ito ay makikita sa pag-iral ng mga ito sa labas ng mga normal na tagapagturo, programa sa malikhaing pagsulat, mga limbagan, parangal na pampanitikan, mga gawad at fellowship.

 © Ateneo de Manila University



**Larawan 6.** Media Reception para sa *Salu-Salo* na inorganisa ng siyudad ng Blacktown sa Blacktown Arts Centre, sa kanlurang Sydney. Mula kaliwa: Casula Powerhouse Arts Centre Asian-Australian Affairs officer Cuong Phu Le, Blacktown Mayor Leo Kelly, Jose Wendell Capili, Philippine Consul-General Maria Theresa Lazaro, at Blacktown Arts Centre director John Cheeseman. Larawan mula sa may-akda.

Ang mga manunulat na nakabase sa mga komunidad tulad ng mga Pilipino sa Australia ay maaari ding maging kasangkapan upang mapasigla ang mga migranteng komunidad, at matabunan ang mga hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng lokal na komunidad at ng mas malaking Australianong lipunan. Mula 1972, ang mga manunulat na Pilipino sa Australia ay naging mas mahusay na kasangkapan para sa kanilang mga adbokasiya sa pagsusulat dahil ang mga indibidwal at institusyon ay nagbigay na sa kanila ng sapat na pagkakataon, at higit na pagkakalantad sa mga entabladong lokal, rehiyonal, pambansa at pandaigdigan. Ang paglitaw ng mga manunulat tulad nina Bobis, Doronila, Ruiz Wall, Cesar Leyco Aguila, Ivy Alvarez, Paschal Berry, Erwin Cabucos, Crystal Gail Koo, Xerxes Matza, Robert Nery, at Noel Ramiscal, at ang kanilang mga obra sa Australia ay nakatulong upang higit pa nating maunawaan ang mga paksa ng asimilasyon at pakikibaka sa nasabing bansa.

Lubhang masalimuot ang anumang talakayan tungkol sa mga migranteng pagkakakilanlan sa harap ng mga isyung bumabalot sa multikulturalismo. Ito ay maaaring maiugnay sa pangkalahatang persepsiyon sa loob ng Australia na ang pamahalaang pederal ay patuloy na nagbibigay ng tulong sa mga migrante na nagmumula sa Pilipinas; ngunit bilang kapalit, ang mga migrante ay inaasahang tumulong sa pagkamit ng pambansang mga layuning ekonomiko, sa pamamagitan ng pagtatrabaho nang husto. Sa prosesong ito, kinikilala ng Australia na mapananatili ng mga migranteng Pilipino ang mga bagay na kakaiba mula sa kanilang mga pinagmulang kultura, ngunit ang ganitong mga pagkakaiba ay hindi dapat maging hadlang sa paglinang ng pagkakakilanlang Australiano.

Ang mga pampanitikan at kultural na produksiyon ng mga Filipinong manunulat sa Australia ay nagmumungkahi na ang isang may-akda o artista ay konektado sa iba pang mga kasapi ng kaniyang komunidad sa mga nibel ng pagdama, pakiramdam at pag-iisip. Bagamat may iba pang mga paraan upang makamit ng mga migrante ang tinatawag nating "Australianness," lumilikha pa rin ang mga manunulat na Pilipino upang bigyang-daan ang mga mambabasang Anglo-Celtic at Europeo na baguhin ang mga estereotipo na ibinabato laban sa nauna sa Australia. Kasunod nito, ang mga mambabasa sa Australia ay maaaring maniwala na ang mga migrante ay maaaring magkasya sa lipunang Australiano

 © Ateneo de Manila University

sa kabila ng mga paunang limitasyon sa mga tuntunin ng wika at/o estadong pinansiyal. Sa huli, ang mga migrante mula sa Pilipinas ay maaari ding maging mga Australiano, at magkamit din ng isang kagalang-galang na antas ng pamumuhay.

Para sa mga manunulat na Pilipino sa Australia, ang pagsusulat ay talagang isang napakahalagang paraan ng pagharap sa mga liblib na dako ng kanilang pang-araw-araw na buhay. Sa ilang mga punto, ang mga manunulat ay nasasalangsang sa pagitan ng kanilang etnikong pagkakakilanlan at sa harap ng mga kulturang Anglo-Celtic at Europeo. Mas lalo pang nagpapahirap sa ganitong sitwasyon ang maraming mga Pilipino sa Australia na may higit pa sa isang etnikong pagkakakilanlan. May taga-Bikol na nanirahan sa Maynila bago lumipat sa Wollongong at Canberra tulad ni Bobis. May taga-Iloilo na nanirahan sa Maynila, Melbourne at Canberra tulad naman ni Doronila. Katutubong Ibanag na lumaki sa Maynila at nagtapos ng pag-aaral sa dakong Brisbane si Ramiscal; habang isang Tsinoy naman na nanirahan sa Maynila, Beijing, Hong Kong, Shanghai at Sydney si Koo.

Ang paggawa ng tula, kuwento, sanaysay, pelikula at mga dulang pang-radyo o telebisyon, at mga produksiyong multimedia ay nagbigay-daan sa mga manunulat na Pilipino sa Australia na makita ang kanilang mga sarili bilang mga multikultural na Australiano, at makaramdam ng napakalaking pribilehiyo mula rito. Katulad nito, ang ibang mga Pilipino at migrante na hindi naman Anglo-Celtic o Europeo ay dapat ding hikayatin na linangin ang isang multikultural na pagkakakilanlan bilang mga Australiano, sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga kultural na hakbangin gaya ng mga nauna nang nabanggit.

Ang pagiging diasporikong manunulat na Pilipino sa Australia ay isang pansamantalang kategorya lamang. Maaaring hindi gusto ng ilang kritiko ang pananaw na pagsasama-samahin ang pagsusuri sa mga manunulat na Pilipino at iba pang mga migranteng manunulat. Ito ay bahagyang nauunawaan ng ilan dahil ang mga salaysay ng mga pamayanang Filipino at ng iba pang mga taga-Timog-Silangang Asya ay iba-iba at lubhang masalimuot. Ngunit maraming beses nang inulit ng mga dalubhasa tulad nina Wang Gungwu, Anthony Reid, F. Sionil Jose at Edwin Thumboo na mayroong malalim na pagkakatulad ang mga Pilipino sa mga taga-Timog-Silangang Asya, na mistulang nagmumula talaga sa isang halos magkakatulad na kapaligiran. Dagdag dito, ang mga nabanggit din ay may mahabang kasaysayan ng pakikipag-ugnayan sa isa't isa sa pamamagitan ng pamamalakaya, pakikipag-ugnayan sa mga naglalakihang sibilisasyon tulad ng Tsina at India, at pati na rin pinagsama-samang pakikibaka laban sa mga kolonyal na kapangyarihan tulad ng America, España, Inglatera, at Pransiya.

Kahit na ito ay nabuo sa kalakhan at noong una bilang isang palatandaan lamang sa mapa noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang Timog-Silangang Asya ay umiiral sa kontemporanyo bilang isang rehiyon. Ang rehiyonal na pagkakakilanlan ng Timog-Silangang Asya ay lalo pang pinatatag ng pagkakatatag din ng Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) at iba pang mga organisasyon. At di-iilan ang mga manunulat mula sa nasabing rehiyon na lumipat sa Australia. Lubos akong naniniwala na ang pagkilala sa kategoryang ito ay isang mabisang hakbang upang maiwasan ng mga manunulat mula Timog-Silangang Asya sa Australia na madaig, una, ng mga Australiano mula sa Tsina, Hong Kong at Taiwan na nangingibabaw sa mga pag-aaral at produksiyon ukol sa mga pagkakakilanlang Asyano sa Australia, at ikalawa, ng nangingibabaw na kulturang Anglo-Celtic at Europeo sa nasabing bansa, na may mga tagapagtaguyod na patuloy na

 © Ateneo de Manila University

nagtatangkang hadlangan ang pagkakaiba-iba, upang magpatuloy ang dominanteng sistema ng pagpapahalaga. Bilang huli, ang pagtalakay sa paglitaw ng mga manunulat ng diaspora sa Australia mula sa Pilipinas at sa iba pang mga bahagi ng Timog-Silangang Asya ay maaari ring humikayat sa mga nakababatang henerasyon ng mga manunulat na lumikha ng mga obrang higit pang magsusulong ng pag-unawa ukol sa nasabing diasporikong kalagayan.

Maraming naging hamon ang aking pagtalakay sa mga indibidwal at institusyon na umiikot sa naratibo ng mga migrante sa Australia. Halimbawa, sa panahon ng aking pananaliksik sa iba't ibang mga lugar sa Timog-Silangang Asya at Australia, mayroong mga manunulat sa Australia na mga pangunahing manunulat, kritiko, at publisher na hindi tumugon sa aking mga tawag sa telepono, liham, email at personal na pagbisita. May mga nagpahiwatig ng alinlangan tungkol sa aking kakayahan upang bigyang saysay ang lawak at saklaw ng aking piniling tema. Mayroon ding mga naniniwala na bilang isang Pilipino, at hindi Australiano, wala akong kakayahan o karapatan na magdiskurso sa mga temang ukol sa Asya at Australia. Sa kabilang banda, may ilan na hindi ko maaaring makapanayam dahil sa tawag ng pamilya at mga propesyonal na obligasyon. Ang ilan ay nasa ibang bansa din sa panahong ako ay nananaliksik. Pilit kong tiniklop ang mga pag-urong at pagtatakda. Nanatili akong nakatutok at mahinahon.

Kalaunan, aking naunawaan na ang mga sumasalungat sa aking mga pananaw ay dapat ding bigyan ng mga pagkakataon upang ipahayag ang kanilang mga pananaw at damdamin. Sa kabutihang palad, napakaraming mga indibidwal at institusyon ang naniniwala din na mas maraming dapat gawin sa paksa ng mga migranteng manunulat mula sa Pililinas at iba pang mga bansa sa Timog-Silangang Asya na piniling manirahan sa Australia. Naikintal sa akin ng mga tumugon sa aking mga katanungan na ang pag-aaral sa mga migranteng manunulat ay hindi eksklusibong purok ng mga Australiano, o Australianong nagmula sa mga Asyanong bansa.

Habang tinatalakay ko ang mahahalagang papel ng mga guro at programa sa malikhaing pagsulat, maliliit na limbagan at mga limbagang pampamantasan, mga parangal sa panitikan, mga gawad, fellowship, at mga hakbangin sa komunidad sa pagtukoy kung paano umusbong ang mga manunulat ng diaspora mula sa Pilipinas at Timog-Silangang Asya tungong Australia, napagtanto ko na mayroong iba pang institusyon na hindi ko sapat na nasakop sapagkat kinapos na ako ng oras at pinansiyal na rekurso sa fieldwork at pananaliksik. Halimbawa ng mga hindi nasaklaw ang ilang mga kapistahang pampanitikan sa iba't ibang bahagi ng Australia na nagbukas ng mga oportunidad para sa ilang mga manunulat upang maipahayag ang kanilang mga natatanging puwesto sa lipunan.

Ang *AustLit* ay isang halimbawang institusyon na dapat na saklawin ng mas nakararaming mga iskolar na nakikipag-ugnayan sa mga migranteng manunulat sa Australia. Sumasaklaw mula sa taong 1780 hanggang sa kontemporanyo, ang *AustLit* ay isang online at non-profit na website na may layong maging tiyak na mapagkukunan ng impormasyon at pananaliksik ukol sa mga kulturang pampanitikan, print, at pagsasalaysay ng Australia. Ito ay pinamamahalaan ng The University of Queensland sa pakikipagtulungan ng mga organisasyong pang-akademiko, aklatan, edukasyon at pananaliksik tulad ng National Library of Australia at ng Australian Research Council. Mula pa noong 1999, malaki na ang naiambag ng *AustLit* sa pag-oorganisa ng mga talambuhay, bibliograpikal na tala, at iba pang mga datos tungkol sa mga manunulat ng

 © Ateneo de Manila University

Australia. Kasama na sa organisadong repositoryo na ito ang mga tala tungkol sa mga manunulat na Pilipino at mga manunulat ng nagmula sa Timog-Silangang Asya.

Iminumungkahi ko na dapat pa nating paigtingin ang pagbasa sa papel ng *AustLit* sa pagdodokumento ng mga umuusbong na konteksto at uri ng mga kulturang pampanitikan ng mga Pilipino, at iba pang mga taga-Timog-Silangang Asya, sa Australia. Maaari ring busisiin kung paano umunlad ang mga alternatibong kaisipan na nagdulot ng pagbabago sa panlasa sa loob ng mga literary establishment sa Australia.

Maliban sa *Westerly*, maraming dyornal at antolohiyang pampanitikan ang karaniwang naging maligamgam sa karamihan ng mga akda ng mga Filipinong manunulat sa Australia. Sa katunayan, may mga pampanitikang dyornal at antolohiya na nag-alok ng mga pagkakataong maglathala ang ilang mga manunulat na nabanggit sa aking pag-aaral; ngunit, hindi tulad ng *Westerly*, marami sa mga dyornal at antolohiyang ito ang hindi naman intensiyonal na nakipag-ugnayan sa mga manunulat upang tumalakay ng mga isyu at temang Filipino. Pinili kong huwag ilagay ang mga pampanitikang dyornal at antolohiyang ito sa pantay na katayuan sa iba pang institusyong una ko nang nabanggit dahil ang mga paglitaw ng mga Filipinong manunulat ng diaspora sa Australia sa mga outlet na ito ay pana-panahon lamang. Paminsan-minsan, ang mga bukas-isip na manunulat, editor at kritiko tulad nina Bruce Bennett, Delys Bird, Kevin Brophy, Dennis Haskell, Ron Pretty, Ivor Indyk (ng *Southerly*, *Heat*) at Laurie Duggan (ng *Meanjin*) ang nagbukas ng pinto sa pag-eedit ng ilang mga publikasyong tumanggap ng mga manuskritong isinumite ng mga Filipino. Ngunit may mga taon din na ang mga dyornal at antolohiya sa Australia, na pinangungunahan ng ibang hanay ng mga editor, ay hindi tumatanggap ng mga Filipino at Timog-Silangang Asyanong mga sulatin sapagkat Anglo-Celtic at Europeo lamang ang karaniwan sa kanilang panlasa.

Gayunpaman, mahalaga pa rin na banggitin ang mga outlet tulad ng *Hecate*, isang interdisiplinaryong dyornal ukol sa pagpapalaya ng mga kababaihan na inilalathala ng Hecate Press kasama ng Centre for Women, Gender, Culture and Social Change Research sa School of English, Media Studies and Art History ng The University of Queensland. Ang dyornal na ito ay naglabas ng isang isyu na nakatuon sa mga kababaihan na Australiano-Asyano noong 2001. Ang *Meanjin* naman, isang dyornal na inilalathala kada sangkapat ng Meanjin Company Ltd. kasama ng Australian Center ng University of Melbourne, ay naglabas din ng hindi bababa sa dalawang mahahalagang tomo na nagtatampok ng malilikhain at mga kritikal na artikulo ng, o tungkol sa, ilang mga manunulat mula Timog-Silangang Asya na nasa Australia. Ang mga ito ay ang: "The Asia[n] Issue" noong Disyembre 1998, at "AustralAsian" na isyu noong 2004. Ang *Journal of Australian Studies*, at ang *Cordite* na isang online na dyornal, ay naglathala na rin ng ilang mga akdang Filipino, taga-Australia man o hindi, tulad ng mga likha nina Ivy Alvarez at Nico Pablo.

Noong 2018, inilimbag ang *Cordite* 85 na nagtampok ng ilang mga kontemporanyong Filipinong manunulat. Ito ay pinamatnugutan nina Mookie Katigbak Lacuesta at Shirley Lua. Kasama sa antolohiyang ito ang mga batikang manunulat tulad nina Gemino H. Abad, Merlie Alunan, Jose Jason Chancoco, Mikael de Lara Co, Elsa Martinez Coscolluela, Isidoro Cruz, Jhoanna Lynn Cruz, Ricardo de Ungria, Simeon Dumdum, Marjorie Evasco, Christina Godinez-Ortega, Padmapani Perez, Clescencio Rambaud, Dinah Roma, Victor Sugbo, Rayvi Sunico, Anthony Tan, Joel Toledo, Michael Carlo Villas at marami pang iba. Kasama din sa isyung ito ang isang panayam kay Merlinda Bobis. Bilang huli, sina


© Ateneo de Manila University

Nicholas Jose at Beth Yahp naman ang mga naging patnugot ng *Picador New Writing 4* noong 1997, at kasama sa antolohiyang ito ang maikling katha ni Merlinda Bobis na pinamagatang "The Long Siesta."

Sa kabila ng mga ito, sa aking mga pananaliksik, karamihan sa mga palimbagan sa Australia ay hindi pa rin handang sumugal upang ilimbag ang mga manunulat na Pilipino. Maraming mga Pilipino at iba pang mga manunulat ng diaspora mula Timog-Silangang Asya ang nakadarama na ang kanilang mga gawa ay karaniwang binabalewala o hindi nauunawaan ng mga editor ng karamihan sa mga dyornal at antolohiyang pampanitikan sa naturang bansa. Hindi pa ganap na naisasakatuparan ang potensiyal na gawing kontekstuwal ang papel ng mga pampanitikan na dyornal at antolohiya, sa harap ng mga naratibo ng migrasyon ng mga diasporikong Filipino at Timog-Silangang Asyano na piniling manirahan sa Australia.

Isang magandang halimbawa ng kahirapan sa pagpapalaganap ng sariling likhang sining ay makikita sa mandudulang si Binh Duy Ta. Bilang malikhaing mga proyekto, ang diin ng kaniyang proseso ay ang pag-eensayo bago ang ganap na produksiyon ng bawat dula. Halimbawa, ipinagpapatuloy ng kaniyang *The Monkey Mother* ang paggalugad ng naunang dulang *Citymoon* sa mga bagong bokabularyo ng paggalaw sa pamamagitan ng pagguhit sa kontemporanyong pagsasanay sa pagganap, miming, boses, martial arts (lalo na kung fu), at mga tradisyonal na mga estilo ng pagganap na Vietnamese, bago pa man ang palabas. Ito ay upang lumikha ng isang kapana-panabik at dinamikong produksiyon na nagdiriwang ng mga bagong direksiyon at bagong pagpapahayag sa kontemporanyong interkultural na palitang Vietnamese-Australian. Ngunit ang mga paggalugad gaya nito ay may iba pang mga kinahaharap na isyu, mula sa pagbubuo ng tagasubaybay na madla hanggang sa aktuwal na mga gastos sa pagpapatakbo ng teatro. Ang mga iskolar ay maaari ding makahanap ng ilang hamon sa pagdedetalye pa kung papanong ang Vietnamese-Australian at iba pang mga di-Anglo-Celtic at di-Europeong kompanyang panteatro, sa kabuoan, ay nakikipag-usap sa pagsulong ng kultural na pagkakaiba-iba sa kabila ng mga umiiral na suliraning sumasalungat dito.

Ang mga limitasyon sa lohistika ay humadlang din sa akin na tuklasin nang buo ang mga konteksto at katangian ng mga diasporikong manunulat na piniling manirahan sa Northern Territory at Timog Australia. Ngunit partikular na kawili-wili sa akin ang bibliograpiya ng mga pampanitikang tugon ng mga Australiano sa "Asya," na kinolekta nina Lyn Jacobs at Rick Hosking ng Flinders University. Ang bibliograpiya ay nagtala ng malaking datos ng pampanitikang persepsiyon ng Australia sa Asya sa anyo ng mga tula, katha, nobela at dula, na magmumula pa sa pagkakatatag ng kolonya hanggang 1995. Hindi pa kasama sa bibliograpikal na datos na ito ang mga oral at biswal na salaysay na naglalarawan ng mga katutubong pre-1788 na pananaw sa Asya, ngunit isinama na nina Jacobs at Hosking ang mga gawa ng mga kontemporanyong katutubo na mga manunulat. Ang mga tala sa bibliograpiya ay limitado sa mga sulatin sa Ingles. Sa ngayon, ang mga pagsasalin mula sa mga wika maliban sa Ingles at pagsulat sa iba pang mga generic na moda (tulad ng mga talaarawan, talambuhay, pagsulat ng buhay, mga salaysay sa paglalakbay, etnograpiya at pagpuna) ay hindi pa bumubuo ng isang mahalagang bahagi ng proyekto. Ngunit ang mga detalye sa likod ng paggawa ng proyekto ng bibliograpiya, at ang mga implikasyon nito sa paghubog ng kontemporanyong panitikan ng Australia, ay dapat pang pagsikapang aralin ng mga iskolar sa hinaharap.


© Ateneo de Manila University

Samantala, si Gary Lee na isang katutubong Australiano mula sa komunidad ng Larrakia sa siyudad ng Darwin (Northern Territory), ay sumulat naman ng dulang pinamagatang *Keep Him My Heart: A Larrakia-Filipino Love Story*. Hinikayat si Lee na isulat ang dula ng kaniyang kaibigang Australiano mula sa Pilipinas na si Bong Ramilo. Ang dula ay isinulat at ginawa para sa anim na pagtatanghal sa Darwin High School noong 1993. Ito ay muling itinanghal sa isang katutubong pagdiriwang ng sining na tinawag na "The Dreaming" sa Woodford noong 9 hanggang 12 Hunyo 2006. Ibinabalik ng *Keep Him My Heart* ang mga alaala ng kuwento ni Lee at ng kaniyang lolo at lola na sina Antonio Cubillo, isang Filipino, at ang asawa nitong katutubo na si Magdalena McKeddie (kilala rin bilang "Lily") na labis na nakipaglaban upang panatilihin ang kanilang pagsasama sa kabila ng pagtutol ng mga awtoridad sa Australia. Makalipas ang maraming taon, nagkaroon ng iba pang epekto ang kuwento ng pag-iibigan nina Cubillo at McKeddie. Habang maraming mga inapo ng mag-asawa ang patuloy na nakilala sa kanilang mga katutubong pinagmulan, ang ilang miyembro ng pamilya ay naghanap ng ibang pagkakakilanlan. Dahil dito, sinabi ng kritiko na si Regina Ganter na ang isang multikultural na nakaraan ay lumilikha ng mga posibilidad para sa isang hanay ng mga pagkakakilanlan, sa tuwing ang mga tao ay regular na hinihiling na ideklara kung sila ay aboriginal o hindi. Iminumungkahi ng mga halimbawang ito na ang Northern Territory ay maaari ring mag-alok ng higit pang mga alternatibong tagpo sa mga nakabibighaning salaysay ng mga migranteng manunulat mula sa Timog-Silangang Asya.

Sa tala ni Lee, nagkaroon sina Antonio at Lily (na lolo at lola niya sa tuhod) ng siyam na anak, at ito ay nagbunga ng isang napakaganda ngunit masalimuot na kuwento ng pag-ibig. Kalunos-lunos ang nangyari sapagkat nasa Pilipinas si Antonio nang sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, at halos labing-isang taon siyang nalagak sa Pilipinas kung saan siya nagkasakit na rin at namatay. Malapit na sana siyang bumalik sa Australia noon, ngunit hindi na ito natuloy. Sa huling mga yugto ng kaniyang buhay, kung gayon, ay hindi na niya ulit nakita si Lily.

Sa gitna ng lahat ng ito, at bilang pagpapatuloy: ang higit na malaking isyu rin na nakaaapekto sa mga Pilipino at sa iba pang mga manunulat mula sa Timog-Silangang Asya ay ang usapin ng pinansiyal na seguridad. Sa nakalipas na ilang taon, ang mga institusyong nag-aalaga sa mga manunulat na nabanggit, at sa iba pang mga manunulat na di-Anglo-Celtic at di-Europeo, ay nahaharap sa mga problema sa pagpopondo. Ang mga unibersidad sa Australia ay karaniwan kasing nahahati sa pagitan ng mga propesor sa pananaliksik at mga propesor sa mga malilikhaing sining. Ang tula, kuwento, dula, at karamihan sa mga pelikula at mga sanaysay ng mga akademiko ay hindi karaniwang itinuturing bilang pananaliksik. Kung gayon, maraming malikhaing manunulat ang humihinto sa paglilingkod sa mga unibersidad bilang mga tagapayo o mag-aaral sapagkat hindi napahahalagahan ang kanilang larang, at sa kabila pa ito ng pagtaas ng pangangailangan para sa mga naturang kurso at programa. Ang mga ito, gayunman, ay hindi mga nakabukod na kaso. Sa loob at labas ng mga unibersidad at minoryang etnikong komunidad, may mga makakapangyarihang tao na iginigiit na ang mga malilikhaing programa ay hindi na kailangan. Ang manunulat na si Kevin Brophy, dating tagapangulo ng programa sa malikhaing pagsulat sa University of Melbourne, ay umamin na ang mga sining at humanidades ay nakikipaglaban sa buong Australia para sa pondo sa nakalipas na mga taon. Bagamat ito ay nangyayari rin sa buong mundo, iminumungkahi ni Brophy na hindi ito dapat pabayaan dahil ang malikhaing pagsulat at ang iba pang larangan ng sining


© Ateneo de Manila University

ay nagtatala ng tumataas na bilang ng mga mag-aaral sa buong Australia. Dagdag pa ni Brophy, interesado ang mga tao sa pag-aaral ng mga kultural na tradisyon sa kasaysayan, at ng mga sining sa lahat ng anyo nito. Sa panahon ngayon, interesado ang mga tao na pasukin ang larang ng sining bilang pagpapahayag ng kanilang mga sarili. Tunay na napakahalaga na bigyang-katwiran ang pagsusulat na malikhain.

Bilang karagdagan, naniniwala si Brophy na ang mga manunulat tulad ng mga Pilipino at iba pang mga taga-Timog-Silangang Asya sa Australia ay lubos na nakikinabang mula sa mga programa sa malikhaing pagsulat, at sa mga pagkakataong malikhain sa mga unibersidad at partikular na komunidad. Iminumungkahi ni Brophy na sa isang personal na antas, maraming malikhaing manunulat sa Australia na nagmula sa mga di-Anglo-Celtic o di-Europeo na pamayanan na patuloy na naghahatid ng mga emosyon at idea sa kanilang mga isinusulat, upang maibalik ang mga kawalan ng timbang sa kanilang pang-araw-araw na buhay bilang migrante. Ngunit sa ibang antas, ang mga akda na ito ay maaari ring magsama ng mga partikular na katangian ng mga kultura at lipunang kinatawan ng kapaligiran ng mga manunulat. Sa aking panayam kay Brophy, inamin niya na bagamat hindi lahat ng mga mag-aaral ay magiging malikhaing manunulat, marami sa kanila ang papasok sa industriya ng paglalathala o magiging mambabasa ng mga aklat sa natitirang bahagi ng kanilang buhay, na may partikular na interes at pag-unawa sa paglikha ng panitikan dahil minsan, nasubukan nila ito.

Sa aking palagay, ang pangunahing punto ni Brophy ay ang pagpapahalaga sa mga "kakaibang" obra ng mga Pilipino at iba pang mga manunulat na di-Anglo-Celtic o di-Europeo. May malaki rin itong tungkulin: upang lumikha ng isang mas kultural at hindi lamang "functionally literate" at "cosmopolitan" na "Australian society." Gayunpaman, sa mga araw na ito, lalong nagiging mahirap para sa mga ahensiya na nagpopondo at mga administrador ng mga unibersidad na maunawaan ang kahalagahan ng suportang pang-organisasyon at institusyonal para sa mga migranteng Pilipino at iba pang mga manunulat sa Australia. Mas masahol pa, sa Australia, malaki ang epekto ng "multinational [company] infiltration" sa industriya ng paglalathala, sa mga tekstong inirereseta para sa paggamit ng mga mag-aaral, gayundin sa mga tekstong ginagamit para sa libangan at personal na interes. Dahil dito, ang pinakamalaking problemang kinahaharap ng mga manlilimbag na nakabase sa Australia ay ang maliit na "base market," lumalalang internasyonal na kompetisyon, at ang pagbabago ng estruktura ng outlet ng mga merkado. Nag-iiwan ito ng napakaliit na puwang para sa maraming tagapaglathala na makipagsapalaran, sumugal at mag-eksperimento sa mga mapanukso ngunit di-komersiyal na mga pampanitikan at kultural na pamagat, tulad ng mga gawa ng mga Pilipino at iba pang minoryang etnikong manunulat. Ngunit, ang larangan ng malikhaing pagsulat ay patuloy na umuunlad sa Australia, sa kabila ng paghina ng suporta rito ng mga kaukulang awtoridad. Gayunpaman, dahil napakalinaw na isang anyo ng sining ang malikhaing pagsulat na ginagawa ng mga indibidwal na artista, kailangan nito ng mga programang pampanitikan at kultural na may mahusay na makinarya upang lalo pang tumibay. Kahit na ang isang ulat ng Departament of the Interior ng Estados Unidos ay kinikilala na ang mga programa sa panitikan—(halimbawa, ang International Writers' Program ng University of Iowa), na pinopondohan ng kanilang pamahalaan, pribadong mga unibersidad, at mga komunidad ng etnikong minorya—ay napatunayang mabisa sa kasaysayan sa pagbibigay ng suporta para sa mga indibidwal na manunulat at kani-kanilang mga pamayanan.

 © Ateneo de Manila University

Sinabi ni Venero Armanno, dating tagapangulo ng programa sa malikhaing pagsulat sa The University of Queensland, na patuloy na binabalewala ang kaugnayan ng mga programa sa malikhaing pagsulat sa mga buhay ng mga paaralan at unibersidad. Wika niya, bakit tayo nagbibigay ng napakaraming pera sa larangan ng palakasan? Bakit tayo nagbibigay ng napakaraming pera sa mga bagay sa labas ng sining? Sinabi ni Armanno na ang sining ay isang mahalagang bahagi ng buhay, at ito lamang ang tunay na nagpapahayag ng mga kultura na mayroon tayo. Bahagi ito ng malaking dahilan kung bakit naging organisado ang mga tao. Nalulungkot din si Armanno na sa paglalakad sa mga lansangan sa lungsod ng Australia at pakikinig sa mga batang nagsasalita—ibig sabihin, sa mga nakababatang henerasyon—ang maririnig na ay mga taong para bagang nagmumula na sa New York o Texas. Bahagi ng dahilan kung bakit patuloy na nasa ilalim ng banta ang pambansang kultura ng Australia ay dahil hindi nabibigyan ng sapat na espasyo ang mga taga-Timog-Silangang Asya tulad ng mga Pilipino at iba pang mga etnikong kultura sa loob ng Australia upang maipahayag ang kanilang pagka-Australiano.

Naniniwala si Armanno na maraming kabataan sa buong Australia ang naging masyado nang globalisado. Para sa kaniya, bumabagsak ang estado ng pagiging malikhain sa Australia dahil sa isang bagay: hindi ito pinopondohan. Marami sa mga may kontrol sa mga patakarang namamahala sa mga programang pang-akademiko sa mga paaralan at unibersidad, mga imprenta, mga premyong pampanitikan, at mga ahensiya ng gobyerno ay hindi pinahahalagahan ang mga isyung may kinalaman, higit sa lahat, sa kultura at/o panitikan. Mahalaga ang sining, giit ni Armanno. Idinagdag din niya na kung pangangalagaan lamang ng Australia ang mga malikhaing manunulat at artista nito, maiiwasan ng mga Australiano ang isang malaking panganib. Sa kasamaang palad, ang mga elemento sa loob ng Australia at iba pang lubos na industriyalisadong bansa ay nagpapatuloy sa paglikha ng mga komunidad ng mga walang-isip na mamimili, na sa kasamaang-palad ay ang direksiyon na ginagalawan ng bawat ibang bansa. Hinuhulaan ni Armanno na kung ang mga pamahalaan ay hindi popondohan ang mga dyornal, mga departamento ng malikhaing pagsulat, at mga inisyatiba sa kultura, kung gayon ang pagkamalikhain ay manghihina at baka pa nga mamatay.

Idinagdag din ni Armanno na ang mga malikhaing manunulat, guro, at mga programa na nakatutulong sa mga Pilipino at iba pang mga di-Anglo-Celtic o di-Europeong manunulat ay madalas na nadedehado dahil hindi sila lumilitaw na may agarang praktikal na aplikasyon sa mas malaking komunidad. Ang pagpapanatili ng kultura, sa kahulugan ng pag-iingat ng mga wika at iba pang pag-aangkat na kultural na naipapakita, ay naging alalahanin ng mga organisadong grupong etniko ngunit ito ay nagkaroon na ng lumiliit na epekto sa pampublikong patakaran. Hindi tulad ng mga propesyonal sa mga larangan ng negosyo, batas, ekonomiya, engineering at mga agham, ang mga epekto ng pagkamalikhain ay hindi madaling masukat batay sa mga agarang nasasalat na mga resulta. Gayunpaman, napatunayan na na ang pagkamalikhain ay hindi lamang nakakulong sa panloob na gawain ng isip ng isang manunulat, kundi kalaunan ay may panlabas ding naidudulot sa mas malaking lipunan.

Ang karaniwang mga argumento ay iniharap upang suportahan ang mga kultural na pagsisikap na natalakay; higit sa lahat ng ito ay nagsasabing ang suporta para sa mga programang kultural sa Australia ay nagpapayaman din sa mismong kalinangan ng bansa. Ang mga tula, kuwento, dula, sanaysay, at pelikula, kasama na ang mga umuusbong na mga platapormang multimedia tulad ng Facebook, Instagram, TikTok, Twitter, Wattpad,

 © Ateneo de Manila University

YouTube, at mga blog at vlog ng mga manunulat ng diaspora sa Australia ay nagdadala sa kultura ng Australia ng bagong hibla ng karanasan na nagpapalawak sa saklaw ng pagiging Australiano ng mga mambabasa, at manonood. Ang mga obra ng mga manunulat na ito ay nagdudulot din sa mga manonood ng isang mas malinaw na pag-unawa sa kung ano ang nasa likod ng paggawa ng isang malikhaing obra, ng kahirapan at salimuot ng paglikha na napupunta sa produksiyon ng mga libro, produksiyon ng mga pelikula, produksiyon sa entablado, at produksiyon ng sining-biswal. Ang isa pang mahalaga, mahusay na kaalaman ang nililinang sa kulturang Australiano ng mahuhusay din at suportadong mga guro, tagapayo ng at programa sa malikhaing pagsulat, mga progresibong akademiko, komersiyal at pampanitikan na mga publisher, mga parangal, gawad at fellowship na pinondohan ng estado at pribadong sektor, pati na rin ng komunidad.

Ngunit paano natin tunay na makukumbinsi, halimbawa, ang pederal na pamahalaan o ang malalaking pribadong institusyon na suportahan ang mga programang mahalaga sa paglitaw at patuloy na pagiging produktibo ng mga Pilipino at iba pang mga manunulat na di-Anglo-Celtic o di-Europeo sa Australia? Bagamat ang malikhaing pagsulat ay kadalasang hindi praktikal at wari'y hindi makatotohanang trabaho, naniniwala si Brophy na ang mga malikhaing tao tulad ng mga manunulat na mula sa Pilipinas at Timog-Silangang Asya na nasa Australia ay nagpakita ng mahahalagang paraan ng pakikipagtalastasan sa mundo sa pamamagitan ng kanilang mga obra.

Iminumungkahi ni Brophy, gayunman, na ang isa sa mga pangunahing puwersang nagtutulak sa Australia ngayon ay makikita sa buong sistemang ekonomiko nito, na tumatagos sa edukasyon. Ang mga gumagawa ng desisyon sa buong Australia ay may pananaw sa kanilang bansa bilang isang pandaigdigang manlalaro at bilang bahagi ng internasyonal o globalisadong mundo. Napakalinaw na ang ibang mga bansang may populasyong multikultural tulad ng America, United Kingdom at Canada ay nakatuon na suportahan ang mga tagapagturo at programa ng malikhaing pagsulat, mga progresibong akademiko, komersiyal at pampanitikan na mga palimbagan, mga pampanitikang parangal, gawad, fellowship, at pati na rin mga komunidad kung saan mayroong mga migrante. Idinagdag ni Brophy na ang Australia ay magiging isang atrasadong bansa kung hindi nito bibigyan ng kaukulang suporta ang mga malilikhaing sining.

Samantala, ang *diaspora* ay patuloy na tinutukoy bilang tradisyonal at sapilitang pagpapakalat ng mga migrante, at alinsabay nito, ng kanilang mga kolektibong alaala ng isang nawawalang tinubuang bayan na sa palagay nila ay dapat nilang mabalikan. Ayon sa mga eksperto sa Timog Asya na sina Peter Reeves at Rajesh Rai, ang diaspora ay umiiral dahil naaalala ng mga diasporikong mamamayan nito ang kanilang tinubuang lupa. Kung wala ang alaala na ito, ang mga migrante at iba pang mga dayuhan ay magiging mga tao lamang sa isang bagong tagpuan, kung saan sila ay nagsasama-sama, unti-unting nag-uuwi ng mga kakayahan at kayamanan sa kanilang napiling bagong "tahanan," tinatanggap sa iba't ibang paraan, at bumubuo ng mga kaugalian at saloobin na umiiral na sa bagong bansa. Ang salitang 'diaspora,' gayunman, ay nananatiling isang lubos na pinagtatalunang termino sa kontemporanyo. Ang historyador na si Brij V. Lal ay nagmumungkahi na ang 'diaspora' ay hindi lamang nagdadala ng mga konotasyon ng karahasan, sakuna, pagkalayo ng damdamin, pagkawala, pagkatapon, at pagbabalik; ito rin ay umunlad na sa panahon upang makakuha ng pinalawak na mga kahulugan bilang tugon sa makasaysayan, kultural at panlipunang mga pag-unlad.

 © Ateneo de Manila University

Alam natin na ang desisyon ng mga migrante na manirahan sa ibang bansa ay hindi madali, at ito ay may mas malalim pang personal na mga kadahilanan. Ang mga tao sa diaspora ay hindi lamang lumipat at nanirahan sa isang bagong bansa; nililikha rin ng mga migrante sa kanilang mga bagong institusyong sosyo-ekonomiko, pampolitika, at kultural ang isang bersiyon ng kanilang lumang bansa, at pinananatili nila ang mga pananaw mula sa tinubuang bayan na naaalala nila. Tulad ng natuklasan ng kritiko na si Catherine Bennett nang maglaon, dumaraming bilang ng mga akdang pampanitikan ng mga manunulat ng diaspora ang nagawa—lalo na mula noong huling bahagi ng dekada 1980 at unang bahagi ng dekada 1990—na naglalagay sa mga migrante mula sa Timog-Silangang Asya, tulad ng mga Pilipino, sa Australia bilang mga sentral na pigura na may malalim nang lugar sa nasabing kontemporanyong tagpuan.

Ilang dekada matapos ilugar ang multikulturalismo bilang sentral sa pambansang patakaran sa ilalim ng pederal na gobyernong Whitlam, dumami pa at umunlad ang network ng mga organisasyong etniko at pangmidya, na kinasasangkutan ng mga pamayanang Filipino at Timog-Silangang Asyano sa Australia. Dahil dito, mas maraming mga manunulat mula sa mga komunidad na nabanggit ang nagsimulang lumakad nang may pagtingala sa tanawing pangkultura ng Australia. Mas maraming manunulat din ng diaspora ang kasunod na tinanggap na maililimbag ang kanilang mga gawa sa nasabing bansa. Marami sa kanilang mga gawa ay inilathala, itinanghal, idinokumento sa mga pelikula, o 'di kaya'y inimbak sa mga pangunahing artsibo. Bilang huli, ang iba naman ay nagkamit ng mas mataas na pagkilala sa lipunang Australiano sa pamamagitan ng pagkamit ng mahahalagang parangal at premyo.

Maliwanag na ang mga migrateng manunulat mula sa Pilipinas ay hindi umusbong sa Australia dahil sa dunong lamang. Sinuportahan sila ng mga indibidwal at institusyon na nagtulak sa kanila upang paigtingin pa ang kanilang pagsusulat at ang kanilang mga responsibilidad bilang malilikhaing mga mamamayan. Ang paglalahad ng bawat kondisyon sa likod ng kanilang paglitaw sa Australia ay kinakailangan upang muling pag-isipan ang mga hangganan ng Australia at pagiging Australiano. Umaasa ako na ang aking munting pagtalakay sa mga konteksto at kondisyon na nakapalibot sa mga manunulat ng diaspora tulad ng mga Pilipino at iba pang mga taga-Timog-Silangang Asya sa Australia ay maging isang munti ngunit makabuluhang kontribusyon sa pag-aaral ng mga kontra-salaysay sa harap ng mga opisyal na kasaysayan ng mga naratibo ng migrasyon o pagkakakilanlan sa pagitan ng mga nagsasalpukang mga kultura.

Bilang isang mananaliksik, napagtanto kong ang pagkakalimbag ng *From the Editors: Migrant Communities and Emerging Australian Literature*, *Salu-Salo: In Conversation with Filipinos*, at *Migrations and Mediations: The Emergence of Southeast Asian Writers in Australia, 1972-2007*, ay maliliit lamang na bahagi ng patuloy na lumalaking korpus ng mga akdang isinusulat na may paksa at temang Asyano, at hindi Anglo-Celtic o Europeo na mga pangunahing komunidad sa Australia. Kung paanong mas marami pang mga migranteng manunulat ang nagbibigay ng paghatol sa paksa ng pagtanggap o pagtanggi sa kanilang pagiging Australiano, inaasahan ko na mas marami pang mga iskolar ang higit na tutuklas sa pag-unlad ng mga malikhaing produksiyon na tatalakay sa mga tema at karanasang nakapaligid sa mga Pilipino at iba pang mga taga-Timog-Silangang Asya sa Australia.


© Ateneo de Manila University

## Mga Sanggunian

### *Mga Aklat*

Brewster, Anne at Sue Kossew. *Rethinking the Victim: Gender and Violence in Contemporary Australian Women's Writing*. Routledge, 2019.

Capili, Jose Wendell. *Migrations and Mediations: The Emergence of Southeast Asian Writers in Australia, 1972-2007*. U of the Philippines P, 2016.

---. *From the Editors: Migrant Communities and Emerging Australian Literature*. Casula Powerhouse, 2007.

Capili, Jose Wendell, at John Cheeseman. *Salu-Salo: In Conversation with Filipinos*. Casula Powerhouse and Blacktown, Blacktown Arts Center, 2008.

### *Mga Artikulo Mula sa mga Dyornal*

Bobis, Merlinda. "The Asian conspiracy: deploying voice/deploying story." *Australian Literary Studies*, tomo 25, blg. 3, 2010, pp. 1-19.

Gui, Weihsin Gui, at Cheryl Narumi Naruse. "Articulating Southeast Asia and the Antipodes." *Antipodes*, tomo 33, blg. 2, 2019, pp. 267-277.

Jacklin, Michael. "Southeast Asian writing in Australia: the case of Vietnamese writing." *Kunapipi: Journal of Postcolonial Writing*, tomo 32, blg. 1-2, 2010, p. 180.

---. "The transnational turn in Australian literary studies."*Journal of the Association for the Study of Australian Literature*, 2009, pp. 1-14. U of Wollongong Australia, https://ro.uow.edu.au/artspapers/547.

Tugano, Axle Christien J. "Ugnayang Australia at Pilipinas: Mga Natatanging Gunita ng Diaspora at Rebolusyong Pilipino." *Tala Kasaysayan: An Online Journal of History*, tomo 3, blg. 2, 2020, pp. 119-135.

Wulandari, Elisabeth Arti. "Stories from the South: Literary Depictions of Indonesians in Australia." *Antipodes*, tomo 33, blg. 2, 2019, pp. 315-331.

### *Mga Panayam*

Abad, Gemino. Personal na panayam. Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 24 Hunyo 2005.

Aguila, Cesar Leyco. Personal na panayam. Lindfield, New South Wales, 9 Agosto 2005.

Aitken, Adam. Personal na panayam. 485 King Street, Newtown, Sydney, 1 Agosto 2006.

Alvarez, Ivy. Online na panayam. Cardiff, Wales, 13 Setyembre 2005.

Anggraeni, Dewi. Personal na panayam. Asialink Centre, Sidney Myer Asia Centre, University of Melbourne, 12 Setyembre 2005.

Armanno, Venero. Personal na panayam. Michie Building, University of Queensland, St. Lucia, Queensland, 23 Setyembre 2005.

 © Ateneo de Manila University

Baytan, Ronald. Personal na panayam. UNO, Scout Fuentebella Street, Quezon City, Philippines, 21 Disyembre 2005.

Bird, Delys, at Monica Anderson. Personal na panayam. Westerly Centre, Faculty of Arts, University of Western Australia, Crawley, Western Australia, 22 Agosto 2005.

Bobis, Merlinda. Personal na panayam. Research School of Pacific and Asian Studies, Australian National University, 5 Oktubre 2005.

---. Online na panayam. Wollongong, 10 Mayo 2006.

Brophy, Kevin. Personal na panayam. School of Creative Arts, University of Melbourne, 7 Setyembre 2005.

Casocot, Ian Rosales. Personal na panayam. Silliman University, Dumaguete City, Philippines, 27 Mayo 2005.

Dimalanta, Ophelia Alcantara. Personal na panayam. Center for Creative Writing and Studies, University of Santo Tomas, Manila, Philippines, 23 Hunyo 2005.

Dolin, Kieran. Personal na panayam. Faculty of Arts, University of Western Australia, Crawley, Western Australia, 19 Agosto 2005.

Doronila, Maria (Noonee). Personal na panayam. Research School of Pacific and Asian Studies, Australian National University, 6 Abril 2006.

Duggan, Laurie. Personal na panayam. Australian Studies Centre, University of Queensland, St. Lucia, Queensland, 23 Setyembre 2005.

Encarnacao, John Joseph. Personal na panayam. 71 Home Bush Road, Strathfield, New South Wales, 1 Agosto 2005.

---. Online na panayam. Strathfield, New South Wales, 30 Agosto 2006.

Fraser, Ian. Personal na panayam. Graduate House, University of Melbourne, 10 Setyembre 2005.

Galan, Ralph Semino. Personal na panayam. UNO, Scout Fuentebella Street, Quezon City, Philippines, 21 Disyembre 2005.

Gungwu, Wang. Personal na panayam. East Asian Institute, National University of Singapore, 12 Hulyo 2005.

Haskell, Dennis. Personal na panayam. Faculty of Arts, University of Western Australia, Crawley, Western Australia, 18 Agosto 2005.

Hidalgo, Cristina Pantoja. Personal na panayam. Bulwagang Quezon, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 24 Hunyo 2005.

Jose, Francisco Sionil. Personal na panayam. Solidaridad Bookshop, Ermita, Manila, Philippines, 21 Hunyo 2005.

Kalaw, Eva. Online na panayam. Manila, Philippines, 29 Enero 2007.

Kerkvliet, Melinda Tria. Personal na panayam. Gus' Café, Canberra, 5 Enero 2007.

Lazaroo, Simone. Panayam sa telepono. Perth, Western Australia, 26 Agosto 2005.

Le, Phu Cuong. Personal na panayam. Liverpool Regional Museum, Liverpool, New South Wales, 4 Agosto 2005.

 © Ateneo de Manila University

---. Online na panayam. Liverpool, New South Wales, 24 Mayo 2006.

---. Online na panayam. Liverpool, New South Wales, 15 Enero 2007.

---. Online na panayam. Liverpool, New South Wales, 23 Enero 2007.

---. Online na panayam. Liverpool, New South Wales, 1 Pebrero 2007.

Lea, Bronwyn. Online na panayam. St. Lucia, Queensland, 26 Setyembre 2005.

Lo, Miriam Wei Wei. Personal na panayam. Faculty of Arts, University of Western Australia, Crawley, Western Australia, 17 Agosto 2005.

Lopez, Ferdinand. Online na panayam. Manila, Philippines, 23 Pebrero 2007.

Lumbera, Bienvenido. Online na panayam. Quezon City, Philippines, 1 Pebrero 2007.

Matza, Xerxes. Online na panayam. Randwick, New South Wales, 21 Agosto 2006.

McPhedran, Colin. Personal na panayam. Ranelagh House, Robertson, New South Wales, 5 Agosto 2005.

Mei, Lau Siew. Personal na panayam. Riverbank, Eagle Street, Brisbane, 26 Setyembre 2005.

Nery, Robert. Online na panayam. Sydney, 13 Setyembre 2006.

Pertierra, Raul. Online na panayam. Hanoi, Vietnam, 24 Setyembre 2004.

Pretty, Ron. Personal na panayam. School of Creative Arts, University of Melbourne, 7 Setyembre 2005.

Ramiscal, Noel. Personal na panayam. South Bank, Brisbane, 18 Setyembre 2005.

Reyes, Danilo M. Personal na panayam. UNO, Scout Fuentebella Street, Quezon City, Philippines, 21 Disyembre 2005.

Sim, Stanley. Online na panayam. Adelaide, 1 Setyembre 2006.

---. Online na panayam. Adelaide, 19 Marso 2007.

Templeman, Ian. Personal na panayam. Fellows' Cottage, Australian National University, 4 Abril 2006.

Thumboo, Edwin. Personal na panayam. Centre for the Arts, National University of Singapore, 12 Hulyo 2005.

Tiempo, Edith. Personal na panayam. CAP Building, Dumaguete City, Philippines, 25 Mayo 2005.

---. Personal na panayam. Montemar, Sibulan, Negros Oriental, Philippines, 27 Mayo 2005.

Torrevillas, Rowena. Personal na panayam. Montemar, Sibulan, Negros Oriental, Philippines, 27 Mayo 2005.

Wall, Deborah Ruiz. Personal na panayam. ZMC³ Consulting, 23 Excelsior Street, Leichhardt, New South Wales, 24 Hulyo 2005.

Williams, Jacqui. Personal na panayam. School of Creative Arts, University of Melbourne, 12 Setyembre 2005.

Zulueta, Lito. Online na panayam. Manila, Philippines, 23 Pebrero 2007.

 © Ateneo de Manila University

### *Mga Website*

*AustLit*. The University of Queensland, Australia, https://www.austlit.edu.au.

Bale, Sheila. "Review: Salu-Salo: In Conversation with Filipinos." *Galatea Resurrects #24*, 2015, galatearesurrection24.blogspot.com/2015/05/salu-salo-in-conversation-with.html.

Cabucos, Erwin. "The Year of Philippine Australian Writing." *Solidarity Philippines Australia Network (SPAN),* 2008, https://cpcabrisbane.org/Kasama/2008/V22.

### *Mga Manuskrito at Iba pang Panayam*

Abeyagunawardena, Don S. "Letter to Harcourt Algeranoff." 31 Mayo 1963. Item 1102. Papers of Harcourt Algeranoff. Records, 1830-1967. National Library of Australia. MS 2376.

Canberra Fellowship of Australian Writers. Records, 1956-1960. National Library of Australia. MS 8000.

De Berg, Hazel. Panayam kasama si Andrew Fabinyi (audio cassette recording). 27 Pebrero 1974. Hazel de Berg Collection, National Library of Australia.

Griffiths, Tom. "A birthday toast to Pandanus Books." 22 Marso 2006.

Hemisphere Magazine. Boxes 1-15, Folders 1-118. Records. National Library of Australia in Canberra. MS 4668.

Hopegood, Peter. "Letter to Tom Inglis Moore." 29 Setyembre 1947. Papers. The National Library of Australia. MS 8130.

Moore, Tom Inglis. Papers. National Library of Australia. MS 8130.

Talib, Shaharil. "Post-Graduate Studies in Southeast Asian Studies: An Open Agenda." Papel na itinanghal sa *international symposium on Social and Cultural Development in the Context of Economic Growth in Asia*, Hanoi, 24-26 Nobyembre 1994.

University of Iowa. Catalogue, 1895-1896, p. 38.

Walker, David. Panayam kasama si Don S. Abeyagunawardena. Inirekord noong 29 Mayo 2003. National Library of Australia. ORAL TRC 4976.

 © Ateneo de Manila University